

Kalusugan ng Isip sa Santa Clara County
Impormasyong Ibinigay sa pamamagitan ng Kamag-anak o Iba pang Taong Tagasuporta - Bahagi A

Magkasamang binuo sa pamamagitan ng Santa Clara County Mental Health, NAMI ng Santa Clara County at mga pasyente(*consumers*) sa kalusugan ng isip, nagsisilbi ang pormularyong ito bilang paraan ng mga kamag-anak para maipaabot ang tungkol sa kasaysayan sa kalusugan ng isip ng kapwa kamag-anak ayon sa AB 1424, na ang lahat ng mga indibidwal na nagdedesiyon tungkol sa imboluntaryong paggamot ay kinakailangang isaalang-alang ang impormasyon na nagmumula sa mga kamag-anak. Matapos masagutan ito, ilalagay ang pormularyong ito sa tsart sa kalusugan ng isip ng pasyente.

Pangalan ng Pasyente: _____ **Petsa ng Kapanganakan:** _____ **No. ng Telepono:** _____

Tirahan: _____ **Pangunahing Wika** _____ **Relihiyon (Opsyunal):** _____

Medi-Cal: Oo Hindi **Medicare:** Oo Hindi **Pangalan ng Pribadong Pasegurong Medikal:** _____

Oo Hindi **Pakisabihan ang pasyente na pirmahan ang isang awtorisasyon na pumapayag sa mga tagapangalaga ng Santa Clara County Mental Health na makipag-usap sa akin tungkol sa pangangalaga sa kanya(tignan ang pahina 2, talata II.a.)**

Oo Hindi **Sa kondisyong ang nararapat na pagpalabas ay napirmahan, inaasahan kong makontak hangga't sa lalong madaling panahon kung sakaling may emerdyensing paglipat at pagpauwi.**

Oo Hindi **Mayroon ang aking kamag-anak ng isang Wellness Recovery Plan o Advanced Directive. kung namarkahan ng oo at isang kopya ng alinmang pormularyo ay makukuha, mangyaring magkabit ng isang kopya sa pormularyong ito.**

Maikling Kasaysayan ng Sakit sa Isip (ilista ang edad kung kailan nag-umpisa, kapasidad at mga interes noong nakaraan, kung sa anuman ay nagsapanganib sa sarili o sa iba, at may malubhang kapansanan; gumamit ng mga dagdag na pahina kung kailangan):

Ang pasyente bang ito ay may tagapag-alaga? Meron Wala Kung meron, ipangalanan: _____

Diyagnosis sa pasyente, kung napag-alaman: _____ May alam ka bang anumang problema sa pang-aabuso sa droga? Meron Wala

Kalakasan ng Pasyente

Pang-edukasyon: _____ **Trabaho/Gawaing Boluntaryo:** _____

Mga Hangarin: _____ **Iba pa:** _____

Kasalukuyang Mga Panggamot (Saykyatriko at Medikal)

(Mga) Pangalan: _____

Mga panggamot na tumalab nang mabuti sa pasyente: _____

Mga panggamot na di tumalab mabuti sa pasyente: _____

Taga-gamot na Saykayatrist & Tagapamahala ng Kaso

Ahensya/Programang: _____ **Saykayatrist:** _____ **Numero ng Tel.:** _____

Tagapamahala ng Kaso: _____ **Numero ng Tel.:** _____

Medikal

Makahulugang Mga Kalagayang Medikal: _____

Alerdyi sa mga Panggamot, Pagkain, Kemikal, Iba pa: _____

Primaryang Tagapangalagang Doktor: _____ **No. ng Tel.:** _____

Kasalukuyang Katayuan sa Pamumuhay

Impormasyong Isinumite ni

Pangalan (isatitik): _____ **Relasyon sa Pasyente:** _____

Tirahan: _____ **Numero ng Tel:** _____

Pirma: _____ **Petsa:** _____

I. California AB 1424

Noong Oktubre 4, 2001 ang Panukalang-Batas ng Kapulungan 1424 (Thomson-Yolo D) ay pinirmahan ng Gobernador at isinabatas. Ang batas ay nagkabisang Enero 1, 2002. Binabago ng AB 1424 ang LPS Act (Lanterman-Petris-Short Act), na nakapangyayari sa imboluntaryong paggagamot para sa mga taong may sakit sa isip sa California. Ang lehislatibong pakay ng panukalang-batas ay sinipi ayon sa sumusunod:

- a. "Ang Lehislatura ay nagpapasiya at inihahayag ang lahat ng mga sumusunod: Maraming pamilya ng mga taong may malubhang sakit sa isip ay natutuklasang ang sistema ng Lanterman-Petris-Short Act ay mahirap mapasok at hindi suportado ng impormasyon ng pamilya kaugnay sa kasaysayan at mga sintomas. Ang mga taong may sakit sa isip ay pinakamabuting nasisilbihan sa isang isang sistema ng pangangalaga na sinusupportahan at tinatanggap ang papel ng pamilya, kabilang ang mga magulang, bata, asawa, iba pang taong pinahahalagahan nila, at mga kinikilalang sistemang natural na mapagdudulugan ng pasyente (konsyumer). Nilalayan ng Lehislatura na ang sistema ng mga pamamaraan ng Lanterman-Petris-Short Act ay linawin upang matiyak na ang mga pamilya ay kabahagi ng pagtugon ng sistema, nang nababatay sa mga tuntunin ng ebidensiya at mga pamamaraan ng korte."

Nang mas tiyak, kinakaikailangan sa AB 142:

- b. Na ang pinagdaraanang kasaysayan ng taong may sakit sa isip ay maisaalang-alang kapag may tuwirang kinalaman sa pagpapasiya kung ang tao sa alinman ay isinasapanganib ang sarili/iba pa o baldado nang malubha;
- c. Na ang nauugnay na ebidensiya sa mapagkukuhanang mga medikal na rekord o iniharap ng mga kamag-anak, mga tagapaghandang paggagamot o sinumang itinalaga ng pasyente ay maisaalang-alang ng korte sa pagpapasiya ng pinagdaraanang kasaysayan;
- d. Na ang mga pasilidad ay makapagbigay-daan sa makatwirang pagsisikap nang ang impormasyong ibinigay ng pamilya ay makukuha ng korte;
- e. Na ang taong awtorisado (isang alagad ng batas o itinalagang propesyonal sa kalusugan ng isip) na ipasailalim ang isang tao sa emerdyensing kustodiya (isang "5150") nang isinasaalang-alang ang impormasyong ibinigay ng pamilya o ng gumagamot na propesyonal kaugnay sa pinagdaraanang kasaysayan kung magpapasiya na maaaring may tunay na sanhi ng pagpapaospital.

Sa pagpirma ng AB 1424, ilang mga Kowd ng W&I ay inamyendahan para mapayagan ang kaugnay na impormasyon tungkol sa pinagdaraanang kasaysayan ng dipirensiya sa isip ng tao mula sa anumang pinanggalingan ay isaalang-alang sa lahat ng baitang ng proseso sa imboluntaryong pagpapaospital. Halimbawa, idinagdag ang W & I Kowd 5150.05 sa 5150. Sinasabi rito:

Kapag magpapasiya kung maaaring may tunay na sanhi para dalhin ang isang tao sa kustodiya, o magsanhi sa tao na madala sa kustodiya, sang-ayon sa seksiyong iyon ay isasaalang-alang ang makukuhang impormasyon tungkol sa pinagdaraanang kasaysayan ng dipirensiya sa isip ng tao kapag ang awtorisadong tao ay makapagpasiya na ang impormasyon ay makatwirang may kinalaman sa pagpapasiya kung ang tao ay mapanganib sa iba, o sa sarili niya, o lumulubha ang pagkabalado bilang resulta ng dipirensiya sa isip.

II. Pakikipag-usap sa mga Tagapangalaga sa Kalusugan ng Isip tungkol sa mga nasa edad na Pasyente (Mga konsyumer) sa Kalusugan ng Isip

Kinikilala ng Santa Clara County Mental Health ang pangunahing papel na ginagampanan ng mga pamilya sa paggaling ng mga pasyente na tumatanggap ng aming mga serbisyo. Hinihikayat namin ang mga tagapangalaga sa bawat antas ng pangangalaga na humingi ng awtorisasyon mula sa pasyente (konsyumer) nang sa gayon ang mga kamag-anak ay masangkot at makaalam sa pangangalaga sa kanila, at magkaroon ng espesyal na awtorisadong kasulatan na idinisenyo nang hayagan upang mapabilis ang komunikasyon sa pagitan ng mga pangkat ng paggagamot at mga kamag-anak. Inaasahang ang buod sa ibaba ay nakapagliliinaw kung paano ang batas ukol sa paglilihim ay nakakaapekto sa mga komunikasyon sa pagitan ng mga pamilya at mga tagapangalaga sa kalusugan ng isip ukol sa kalusugan sa isip ng mga pasyenteng may edad 18 o pataas.

a. Mga Serbisyo sa Pasyenteng Tagalabas

Iniuutos ng batas ng California at Pederál na ang mga tagapangalaga sa kalusugan ng isip ay kumuha ng awtorisasyon mula sa pasyente bago makipag-usap para sa anumang impormasyon mula sa mga kamag-anak.

b. Mga Serbisyo ng Ospital

Iniuutos ng batas ng California na ang mga ospital ay narapat ipaalam sa mga kamag-anakan ng pasyente na siya ay ipinasok, inilipat o pinauwi sa mga ito, **maliban** na lamang kung ang pasyente ay humiling na huwag ipabatid sa pamilya. Gayon din naman, iniuutos sa mga ospital na abisuhan ang mga pasyente na sila ay mayroong karapatan na magpasiya nang laban sa pagbubunyag ng impormasyong ito.

Iniuutos ng batas ng California at Pederál na ang mga kawani ng ospital ay humingi ng awtorisasyon upang makapagbunyag ng anumang iba pang uri ng impormasyon sa mga kamag-anak.

c. Mga Mapagpipilian ng Pamilya

Bagaman ang mga tagapangalaga sa kalusugan ng isip ay napipigilan sa kanilang kakayahang makipag-usap sa mga pamilya, maaaring makipag-usap ang mga kamag-anak sa mga pangkat ng paggagamot nang mayroon o walang awtorisasyon mula sa pasyente sa pamamagitan ng paggamit ng pormularyong ito. Ilalagay pagkatapos ng kawani ang impormasyong ito sa tsart sa kalusugan ng isip ng pasyente.

Pansinin: Sa ilalim ng batas ng California at Pederál, mayroong karapatan ang mga pasyente na tignan ang kanilang tsart.

Kalusugan ng Isip sa Santa Clara County
Impormasyong Ibinigay sa pamamagitan ng Kamag-anak o Iba pang Tagasuporta – Bahagi B
Kasaysayan ng mga Insidente sa Krisis ng Pasyente, Kabilang ang Anumang Kasaysayan o
Paggagamot ng Pang-aabuso sa Droga

Magkasamang binuo sa pamamagitan ng Santa Clara County Mental Health, NAMI ng Santa Clara County at mga pasyente (mga konsyumer) sa kalusugan ng isip, nagsisilbi ang pormularyong ito bilang paraan ng mga kamag-anak para maipaabot ang tungkol sa kasaysayan sa kalusugan ng isip ng kapwa kamag-anak ayon sa AB 1424, na nag-uutos na ang lahat ng mga indibidwal na nagdedesisyon tungkol sa imboluntaryong paggagamot ay isasaalang-alang ang impormasyon na nagmumula sa mga kamag-anak. Ilalagay ang pormularyong ito ng kawani sa kalusugan ng isip sa tsart sa kalusugan ng isip ng pasyente. **Sa ilalim ng batas ng California at Pederál, ang mga pasyente (mga konsyumer) ay may karapatang tingnan ang kanilang tsart.**

Pangalan ng Pasyente: _____ **Petsa ng Kapanganakan:** _____ **Numero ng Tel.:** _____

Tirahan: _____ **Pangunahing Wika:** _____ **Relihiyon (Opsyunal):** _____

Petsa	Krisis sa Gawí/Pangyayari (Isama ang paglalarawan ng krisis at anumang nagpaudyok o tagapagpasimula)	Aksiyóng Isinagawâ	Mga Resulta ng Aksiyon

Magkabit ng dagdag na mga pahina kung kailangan

Ano ang nakatulong sa pasyente nang nakaraan sa pagharap sa mga krisis na ito?

Ano ang hindi nakatulong?

Impormasyong Isinumite ni

Pangalan (isatitik): _____ **Relasyon sa Pasyente:** _____

Tirahan: _____ **Numero ng Tel:** _____

Pirma: _____ **Petsa:** _____